Palabas na **balita**

# Pagdiriwang ng kultura sa Alberta

Setyembre 01, 2023Mga katanungan sa media

## Ang Setyembre 1 ang pagsisimula ng mga Araw ng Kultura sa Alberta, isang buwanang pagdiriwang ng sining, musika, pagkain, sayaw at iba pa.

Ang taong 2023 ay nagmamarka ng ika-15 taóng anibersaryo ng mga Araw ng Kultura sa Alberta. Sa buong Setyembre, makadadalaw ang mga taga-Alberta sa maraming mga lugar sa buong lalawigan upang ipagdiwang ang mayaman at masiglang kultura ng lalawigan. Itatanghal ng mga artista, grupong pangkultura, manunulat, mananayaw, tagagawa ng pelikula at mga musikero ang kanilang gawain na gumaganap ng mahalagang bahagi ng paghahabi ng mayamang pangkulturang tapestri ng Alberta.

"Ang mga Araw ng Kultura sa Alberta ay nagdiriwang ng 15 taon ng pagdadala ng nakalulugod na mga pagpapahayag ng sining at kultura sa Alberta. Hinihimok ko ang mga taga-Alberta na maglaan ng panahon upang ipagdiwang ang sari-sari, mayaman, panlipunan at kultural na tapestri ng lalawigan sa Setyembre."

*Tanya Fir, Ministro ng mga Sining, Kultura at Katayuan ng Kababaihan*

Ang Alberta ay nagsimulang maglaan ng isang buong buwan sa mga nagdiriwang na artista noong 2019 at siya pa rin ang tanging lalawigan na gumagawa nito.

"Ang mga kaloob ng mga Araw ng Kultura sa Alberta ay nagbigay sa atin ng pagkakataon na ibahagi ang nakagawiang mga karanasan sa sining sa mga taga-Alberta nang libre. Sa Symphony in the Square ng taóng ito, mararanasan ng mga taga-Alberta ang pananabik sa musika na kanilang kinalakihan, at kami ay tuwang-tuwa na ang okasyong ito ay makapagsisimula ng isang-buwanan na pagdiriwang ng sining at kultura."

*Annemarie Leenhouts-Petrov, pangulo at CEO, Francis Winspear Sentro para sa Musika/ Edmonton Symphony Orchestra*

Ang Ministro ng Sining, Kultura at Katayuan ng Kababaihan ay nagbigay ng 115 na mga kaloob sa mga samahan sa buong lalawigan upang mag-host ng pagdiriwang ng mga kaganapan sa mga Araw ng Kultura sa Alberta. Limang tampok na mga lugar ng pagdiriwang ang tumanggap ng pondo upang mag-host ng libre, pampamilyang mga okasyon na magaganap sa loob ng tatlong araw.

Ang tampok na mga pook ng pagdiriwang ng taóng ito ay:

- Konseho ng Sining ng Wood Buffalo
- Samahan sa Pelikula ng Edmonton
- Samahan sa Sining na Hispaniko
- Ang Samahan ng Teatro sa Bailey
- Ang Canadian Mountain Arts Foundation (gumaganap bilang "artsPlace")

## Mabilis na mga Katotohanan

- Sa taóng ito, ang pamahalaan ng Alberta ay naglaan ng $374,000 upang tumulong sa pagpaplano at pagsasaayos ng isang rekord na 115 mga lugar ng pagdiriwang sa buong lalawigan.
- Libre at bukas sa publiko ang mga kaganapan sa mga Araw ng Kultura.
- Tinustusan din ng pamahalaan ng Alberta ang kabuuang 74 na host (dalawang-araw na mga pangyayari) at 36 na "pop-up "(isang-araw na pangyayari) na mga lugar ng pagdiriwang upang mag-host ng mga aktibidad at mga pagdiriwang.

## Kaugnay na impormasyon

- Mga Araw ng Kultura sa Alberta
- Mga Araw ng Kultura sa kalendaryo
- Buwan ng Artista